Mga Detalye ng Benepisyo sa Pangangalaga sa Ngipin

2025

Nagbibigay ang dokumentong ito ng mga karagdagang detalye tungkol sa mga dagdag na benepisyo tungkol sa mga suplemental na benepisyo sa pangangalaga sa ngipin na saklaw ng aming plano. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa dokumentong ito o sa inyong mga benepisyo sa pangangalaga sa ngipin, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa numero ng telepono na nasa likod na pabalat ng *Katibayan ng Pagsaklaw* o sa inyong ID card ng Miyembro.

Nalalapat ang *Mga Detalye ng Benepisyo sa Pangangalaga sa Ngipin* sa mga package ng benepisyo ng plano na nasa ibaba. Ang package ng benepisyo ng plano ay nasa pabalat ng *Katibayan ng Pagsaklaw*, sa bandang kanang sulok sa ibaba.

Estado	Package ng Benepisyo ng Plano	Pangalan ng Plano
CA	H3561001000	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP)
CA	H3561008000	Wellcare Dual Align (HMO D-SNP)
CA	H3561009000	Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP)

Huling na-update noong 11/04/2024

Mga Saklaw na Benepisyo sa Pangangalaga sa Ngipin: Nakikipagkontrata ang aming plano sa Delta Dental of California para ibigay ang mga saklaw na benepisyo sa pangangalaga sa ngipin na nakalarawan sa ibaba. Sumangguni sa inyong *Katibayan ng Pagsaklaw* para sa 2025 para sa anumang nalalapat na bahagi sa gastos. Ang mga procedure sa pangangalaga sa ngipin na hindi saklaw ng aming plano ay posibleng saklaw sa ilalim ng Medi-Cal Dental. Pakitingnan ang seksyong "Medi-Cal Dental" para sa higit pang impormasyon.

Dapat kayong magpunta sa itinalaga sa inyo na kasaling provider para makuha ang mga saklaw na serbisyo, maliban sa mga pang-emergency na serbisyo sa pangangalaga sa ngipin o mga serbisyong ibinibigay ng isang espesyalista (na dapat muna naming pahintulutan).

Iskedyul ng Mga Benepisyo sa Pangangalaga sa Ngipin para sa 2025

Code	Paglalarawan	Babayaran ninyo
D2000-D2999	III. RESTORATIVE	
• ***Posibleng kailangan ng paunang awtorisasyon ang mga crown*** • *Limitado ang mga crown sa dalawa bawat taon ng kalendaryo bawat pasyente* • *Kabilang ang polishing, lahat ng adhesive at bonding agent, indirect pulp capping, mga base, mga liner at mga acid etch procedure.* • *Para palitan ang mga crown, 5+ taon na dapat ang kasalukuyang restoration.* • *Ang mga name brand, laboratory processed o in-office processed na crown/pontic na ginawa sa pamamagitan ng specialized na technique o mga materyales ay mga material upgrade. Ang kasaling dentista ay puwedeng maningil ng dagdag na bayad na hindi lalampas sa $325.00 bukod pa sa nakalistang bahagian sa bayad.* • *Ang mga porcelain margin ay cosmetic na opsyon. Sumang-ayon ang kasaling dentista na maningil ng hanggang $75.00 para sa porcelain.*		
D2720	Crown – gawa sa resin na composite (hindi direkta)	Walang Gastos
D2722	Crown - resin na may noble metal	Walang Gastos
D2750	Crown - porcelain na na-fuse sa high noble metal	Walang Gastos
D2752	Crown - porcelain na na-fuse sa noble metal	Walang Gastos
D2790	Crown - full cast na high noble metal	Walang Gastos
D2792	Crown - full cast na noble metal	Walang Gastos
D5000-D5899	VI. PROSTHODONTICS (naaalis)	
• *Limitado ang mga rebase sa isa bawat taon ng kalendaryo at hindi saklaw sa loob ng anim na buwan simula noong inisyal na placement.* • *Para palitan ang isang pustiso o partial na pustiso, 5+ taon na dapat ang kasalukuyang pustiso.*		
D5670	Pagpapalit ng lahat ng ngipin at acrylic sa cast na metal frame, maxillary	Walang Gastos
D5671	Pagpapalit ng lahat ng ngipin at acrylic sa cast metal frame, mandibular	Walang Gastos

Code	Paglalarawan	Babayaran ninyo
D5710	Pag-rebase ng buong maxillary na pustiso	Walang Gastos
D5711	Pag-rebase ng buong mandibular na pustiso	Walang Gastos
D5720	Pag-rebase ng maxillary na partial na pustiso	Walang Gastos
D5721	Pag-rebase ng mandibular na partial na pustiso	Walang Gastos
D6200-D6999	IX. PROSTHODONTICS, fixed (ang bawat retainer at bawat pontic ay bumubuo ng isang unit sa isang fixed na partial na pustiso [bridge])	
• *Limitado ang mga pontic sa isa bawat ngipin bawat limang taon ng kalendaryo.* • *Para palitan ang isang pontic, 5+ taon na dapat ang kasalukyang bridge.* • *Ang mga name brand, laboratory processed o in-office processed na pontic na ginawa sa pamamagitan ng specialized na technique o mga materyales ay mga material upgrade. Ang kasaling dentista ay puwedeng maningil ng dagdag na bayad na hindi lalampas sa $325.00 bukod pa sa nakalistang bahagian sa bayad.* • *Ang porcelain ay ikinokonsiderang material upgrade na may maximum na karagdagang singil sa Enrollee na $150.00 bawat molar.* • *Ang mga porcelain margin ay cosmetic na opsyon. Sumang-ayon ang mga kasaling dentista na maningil ng hanggang $75.00 para sa porcelain.*		
D6240	Pontic - porcelain na na-fuse sa high noble metal	Walang Gastos
D6242	Pontic - porcelain na na-fuse sa noble metal	Walang Gastos
D6250	Pontic - resin na may high noble metal	Walang Gastos
D6252	Pontic - resin na may noble metal	Walang Gastos
D6750	Retainer Crown - Porcelain na Na-fuse sa High Noble Metal	Walang Gastos
D6752	Retainer Crown - Porcelain na Na-fuse sa Noble Metal	Walang Gastos

Mga Limitasyon:

1. Limitado ang dalas ng ilang partikular na benepisyo. Nakalista ang lahat ng limitasyon sa dalas sa Iskedyul ng Mga Benepisyo sa itaas.
2. Puwedeng mag-alok ang mga kasaling dentista ng mga serbisyo na gumagamit ng mga brand o trade name kapalit ng dagdag na bayad. Dapat alukin ang miyembro ng mga benepisyo ng plano na mga de-kalidad na laboratory processed na crown/pontic na puwedeng kinabibilangan ng: porcelain/ceramic; porcelain na may base, noble o high-noble metal. Kung pipiliin ng miyembro ang alternatibo ng isang material upgrade (mga brand name na laboratory processed o in-office processed na crown/pontic na ginawa sa pamamagitan ng specialized technique o mga materyales, kabilang ang, pero hindi limitado sa: Captek, Procera, Lava, Empress, at Cerec), puwedeng maningil ang kasaling dentista ng dagdag na bayaring hindi lalampas sa $325.00 bukod pa sa nalalapat na bahagi sa gastos. Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa numero ng telepono na nasa inyong ID Card ng Miyembro kung may mga tanong kayo tungkol sa dagdag na bayad o mga name brand na serbisyo.

Mga Eksklusyon:

1. Anumang procedure na hindi partikular na nakalista sa ilalim ng mga iskedyul ng mga benepisyo sa itaas. Ang mga nakalistang procedure sa pangangalaga sa ngipin na hindi saklaw ng aming plano ay posibleng saklaw sa ilalim ng Medi-Cal Dental. Pakitingnan ang seksyong "Medi-Cal Dental" para sa higit pang impormasyon.
2. Anumang procedure kung saan ayon sa propesyonal na opinyon ng kinontratang dentista ay:
    - may mahinang prognosis para sa isang matagumpay na resulta at makatuwirang tagal batay sa kondisyon ng ngipin o mga ngipin at/o mga nakapalibot na bahagi, o
    - hindi tugma sa mga pangkalahatang tinatanggap na pamantayan sa dentistry.
3. Mga serbisyong para lang sa cosmetic na dahilan o para sa mga kondisyong resulta ng mga depektong hereditary o developmental, gaya ng bingot, mga malformation ng itaas o ibabang panga, mga nawawalang ngipin na sanhi ng congenital na kondisyon, at mga ngipin na may mantsa o kulang ng enamel, maliban para sa paggamot ng mga bagong panganak na sanggol na may mga congenital na defect o abnormalidad sa pagsilang.
4. Mga porcelain crown, porcelain na naka-fuse sa metal, cast metal o resin na may mga metal type crown, at mga fixed na partial na pustiso (mga bridge) para sa mga batang wala pang 16 na taong gulang.
5. Mga nawala o nanakaw na appliance kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga full o partial na pustiso at crown.
6. Mga procedure, appliance, o restoration kung ang layunin ay para baguhin ang patayong dimensyon, o para mag-diagnose o manggamot ng mga abnormal na kondisyon ng temporomandibular joint (TMJ).
7. Precious metal para sa mga naaalis na appliance, mga metallic o permanent soft base para sa mga kumpletong pustiso, porcelain na pustisong ngipin, mga precision abutment para sa mga naaalis na partial o fixed na partial na pustiso (mga overlay, implant, at appliance na nauugnay sa mga iyon) at pag-personalize at characterization ng mga kumpleto at partial na pustiso.
8. Mga implant-supported na dental appliance at attachment, paglalagay, maintenance, at pag-aalis ng implant, at lahat ng iba pang serbisyong nauugnay sa isang dental implant.
9. Mga konsultasyon para sa mga benepisyong hindi saklaw.
10. Mga dental na serbisyong natanggap mula sa anumang pasilidad sa pangangalaga sa ngipin maliban sa nakatalaga sa dentista na nasa network, isang paunang pinahintulutang espesyalista sa pangangalaga sa ngipin, maliban sa pang-emergency na serbisyo sa pangangalaga sa ngipin.
11. Mga serbisyo o supply na saklaw sa ilalim ng programa ng ospital, surgical/medikal (kabilang ang Medicare Advantage), o inireresetang gamot.
12. Mga gastusin sa pangangalaga sa ngipin na natamo kaugnay ng anumang procedure sa pangangalaga sa ngipin na nagsimula bago maging kuwalipikado ang miyembro sa aming plano. Kabilang sa mga halimbawa ang: mga ngipin na inihanda para sa mga crown, mga kasalukuyang isinasagawang root canal, mga full o partial na pustisong kinuhanan na ng impression.
13. Paggamot o mga appliance na ibinigay ng isang dentistang ang practice ay may espesyalisasyon sa mga prosthodontic na serbisyo.

Medi-Cal Dental

Bilang miyembro ng Medi-Cal, maraming pangunahing serbisyo sa pangangalaga sa ngipin ang available sa pamamagitan ng Programang Fee-For-Service na Pangangalaga sa Ngipin ng Medi-Cal o Programang Dental Managed Care (DMC); kasama sa mga ito ang, pero hindi limitado sa, mga serbisyo gaya ng:

- Mga paunang eksaminasyon, X-ray, paglilinis, at fluoride treatment
- Mga restoration at crown
- Root canal therapy
- Mga partial at kumpletong pustiso, adjustment, pag-aayos, at reline

Available ang mga kinatawan ng Programang Fee-For-Service na Pangangalaga sa Ngipin ng Medi-Cal para tulungan ka sa 1- 800-322-6384 (TTY: 1-800-735-2922) mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Available din ang higit pang impormasyon tungkol sa Medi-Cal Dental sa smilecalifornia.org.

Sa halip na Programang Fee-For-Service na Pangangalaga sa Ngipin ng Medi-Cal, puwede kang makatanggap ng mga benepisyo sa pangangalaga sa ngipin sa pamamagitan ng dental managed care plan. Available ang mga dental managed care plan sa Mga County ng Sacramento at Los Angeles. Kung gusto mo ng higit pang impormasyon tungkol sa mga plano sa pangangalaga sa ngipin, o gusto mong magpalit ng plano sa pangangalaga sa ngipin, kontakin ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (dapat tumawag ang mga TTY user sa 1-800-430-7077), Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Libre ang tawag. Available din ang mga kontak ng DMC dito: www.dhcs.ca.gov/services/Pages/ManagedCarePlanDirectory.aspx

Mabibigyan ka ng mga resource na ito ng kumpletong listahan ng mga serbisyong saklaw sa ilalim ng Medi-Cal Dental. Matutulungan ka rin ng mga ito na makahanap ng provider ng Medi-Cal Dental at maghain ng karaingan o reklamo.

Sadyang blangko ang pahinang ito.

Sadyang blangko ang pahinang ito.

Sadyang blangko ang pahinang ito.